

Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*

# *FACT SHEET:* ***Mga Highway***

## Mga Pagpapaayos sa US 101/De La Cruz Boulevard/Trimble Road Interchange

### Pangkalahatang-ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan ng Lungsod ng San Jose at ng California Department of Transportation (Caltrans), ay nagpapanukalang muling itayo ang US 101/ Trimble Road interchange at palaparin ang Trimble Road sa pagitan ng De La Cruz Boulevard/Seaboard Avenue at Central Expressway sa Lungsod ng San Jose at Lungsod ng Santa Clara.

### Mga Layunin

Ang layunin ng proyektong ito ay ang paluwangin ang daloy ng trapiko at gawin mas maayos ang pag-merge ng mga sasakyan sa southbound US 101 mula sa De La Cruz Boulevard/Trimble Road interchange sa Lungsod ng San Jose, at pagandahin ang takbo at paigtingin ang kaligtasan para sa mga nagbibisikleta at pedestrian na tumatawid sa interchange.

### Mga Feature ng Proyekto

Kasama sa mga ipinanunukalang pagpapaayos ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pagpapalit sa kasalukuyang nakatayong US 101 overcrossing para magbigay ng mga karagdagang lane at para gawan ng sariling daan ang mga nakabisikleta at naglalakad;
- Pagpapalapad sa Trimble Road para gawing anim na lane hanggang sa mga hangganan ng interchange;
- Muling pagtatayo sa southbound exit loop para gawing parang cloverleaf na disenyo at pagdaragdag dito ng bagong intersection sa De La Cruz Boulevard;
- Pag-configure sa interchange at pagpapaayos sa pang-ibabaw na daan para magkaroon ng iba’t ibang gamit, kasama na para sa mga gumagamit ng pedestrian at bisikleta;
- Muling pagtatayo sa intersection ng De La Cruz Boulevard/Trimble Road at Central Expressway para magbigay ng mga lane ng bisikleta, at karagdagang mga lane sa pagtawid at pagliko.

### Mga Gastusing Capital/Pagpopondo sa Proyekto

Ang pang-unang gastusin ng proyekto ay tinatayang nasa pagitan ng $50 milyon at $70 milyon, na maaaring magbago depende sa panghuling pagtukoy sa mga pagpapaayos. Popondohan ang proyekto sa pamamagitan ng kombinasyon ng VTA 2016 Measure B at mga lokal na pondo.

*Ipinagpatuloy sa likod na pahina*


***Mga Partner sa Pagpopondo ng Proyekto***

Valley Transportation Authority

City of San Jose — Capital of Silicon Valley

Caltrans

## Proyekto ng Pagpapaayos sa US 101/De La Cruz Blvd/ Trimble Rd Interchage




### Iskedyul ng Proyekto (naghihintay ng pagpopondo)

| | |
|---|---|
| Pag-aprubang Pangkalikasan: | 2016 (Tapos na) |
| Pagkumpleto ng Disenyo: | 2018-2020 |
| Konstruksyon ng Proyekto: | 2020-2022 |

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Proyekto ng Pagpapaayos ng US 101/De La Cruz Boulevard/Trimble Road Interchange, pakitawagan ang Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, (TTY) para sa mga may kapansanan sa pandinig (408) 321-2330. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/trimbleimprovement*, o i-email kami sa *community.outreach@vta.org*.

101 DLC Trimble 032919